JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Masunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 3

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 6:
## Relihiyon Mo, Igagalang ko



**Pangalan:**___________________________________

**Baitang at Seksyon:**___________________________

**Paaralan:**____________________________________



# Alamin

Magandang araw mga bata! Maipapakita natin ang iba't ibang mgaparaan ng paggalang sa pananampalataya o relihiyon ng ibang mga tao. Kung ang bawat tao ay marunong gumalang sa iba'tibang tao.

Sa katapusan ng aralin na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

a. **Makapagpapakita ng paggalang sa paniniwala ng iba tungkol sa Diyos.**

**Code: EsP3PD-IVb-8**



# Subukin

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang sumusunod na pangungusap. Bilugan lamang ang letra ng tamang sagot.

1. Habang naglalakad ang mga boy scouts may nakita silang batang nagdarasal sa harapan ng punong kahoy.
   Ano ang kanilang dapat na gagawin?
   A. Sumigaw ng malakas upang mapigil ang kaniyang pagdarasal.
   B. Ibato sa kaniya ang dalang mga gamit upang tumigil sa pagdarasal.
   C. Irespeto ito sapagkat ito ay kaniyang paniniwala.
   D. Pagtawanan ang bata upang mapahiya sa lahat.

2. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng paggalang sa paniniwala ng iba?
   A. Si Ana ay laging nakikipagtalo sa ibang paniniwala.
   B. Si Maria ay nagagalit kapag nakarinig siya ng salita ng Diyos.

C. Si Luis ay handang makinig sa paniniwala ng iba.
D. Si Nena ay naghahamon ng away sa kaniyang kaibigang muslim.

3. Naipapakita natin ang paggalang sa ibang relihiyon sa pamamagitan ng ___________.
   A. Pagtawa sa kanilang paniniwala.
   B. Pagbigay respeto sa kanilang paniniwala.
   C. Pangungutya sa kanilang paniniwala.
   D. Pakikipagdebate sa kanilang paniniwala.

# Modyul 6 Relihiyon Mo, Igagalang ko

Sa araling ito, matutunan ninyo ang mga gawi o pamamaraan ng paggalang sa ibang paniniwala.



## Balikan

**Panuto:** Isulat sa patlang ang letrang **I** kung ang sumusunod na pahayag ay tama at **M** kung ito naman ay mali.

_______1. Ang pagtitiwala sa Panginoon ay isang magandang katangian.

_______2. Makakamit natin ang ating mga panalangin kahit wala tayong ginagawa upang maganap ito.

_______3. Nakinig nang may paggalang ang mga batang muslim habang tinatalakay ang mga aktibidad ng mga katoliko.



## Tuklasin

**Basahin ang diyalogo.**

Linggo ng umaga…

**Maja at Berting**: Magandang umaga Clarita.

**Clarita**: Magandang umaga, Maja. Magandang umaga Berting.

**Maja**: Saan ka pupunta?

**Clarita**: Magsisimba ako. Nandoon na sina mama at papa sa simbahan.

**Berting**: ah, ganun' ba? Kami rin ay nagsimba noong Biyernes sa aming masjid.

**Maja**: Noong Huwebes kami din ay nagsimba kasama ang aking pamilya.

**Sagutin ang mga katanungan:**

1. Ano ang pinag-uusapan ng mga bata?

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Bakit kaya iba iba ang araw ng kanilang pagsimba?

_______________________________________________

_______________________________________________



# Suriin

May iba't-ibang relihiyon o paniniwala ang mga tao tungkol sa Panginoon. Magkaiba man ang ating paraan sa pagsamba, nagkakaisa pa rin tayo sa pag-asang maipaabot natin ang ating pagsamba at pagpuri sa Panginoon.

Nararapat lamang na igalang natin ang paniniwala ng iba tungkol sa Panginoon. Hindi sila dapat pagtawanan o kutyain dahil sila ay katulad rin natin na may damdaming nasasaktan.

"Kung ano ang gusto mong gawin sa iyo ng ibang tao, 'yun din ang gagawin mo sa kanila."Naalala mo ba ang kasabihang ito? Hindi ba't akma ito sa ating aralin? Tama. Kung gusto mong

igalang ng iyong kapwa mananampalataya ang iyong mga paniniwala, dapat mo ring igalang ang kanilang mga paniniwala.



https://outreachmagazine.com/wp-content/uploads/2018/09/18_0911_LEADERSHIP_7-Ways-to-Create-Unity-in-Your-Church_OldSize.jpg



# Pagyamanin

**Panuto:** Paano natin maipapakita ang paggalang sa paniniwala ng iba tungkol sa Diyos sa mga sumusunod na sitwasyon? Isulat sa nakalaang patlang ang iyong sagot.

1. Natigilan ang pinsan mo sa lakas ng tunog ng tambol. May prusisyon pala upang ipagdiwang ang kanilang patron na si San Isidro Labrador na pinaniniwalaang patron ng maraming tanim. Sinabi niya sa iyo na galit siya sa ginagawa ng mga katoliko. Ano ang gagawin mo?

   __________________________________________________________

   _______________________________________________________

2. Ayon sa iyong kamag-aral, na mas mabuti na ikaw ay mapasama sa kanilang relihiyon. Pinilit kaniyang sumama sa kanya at making sa kanilang pagtatasa ng salita ng Diyos. Ano ang gagawin mo?

   __________________________________________________________

   __________________________________________________________

3. Ikaw at ang iyong nakababatang kapatid ay inimbitahan ng iyong kaibigan na Muslim sa kanilang pagdiriwang ng Hariraya Puasa. Dahil paborito ng iyong kapatid ang inihaw na baboy, lihim niyang tinanong sa iyo kung mayroon sila nito. Ano ang sa sabihin mo sa iyong nakababatang kapatid?

______________________________________________

______________________________________________



## Isaisip

**Panuto:** Punan ang patlang sa bawat pangungusap. Hanapin ang sagot sa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| Paniniwala | Pagsamba | Pagpuri |

1. May iba't-ibang relihiyon o __________ ang mga tao tungkol sa Panginoon.

2 -3. Magkaiba man ang ating paraan sa pagsamba, nagkakaisa pa rin tayo sa pag-asang sa pamamaraang ito ay maipaabot natin ang ating ___________at ____________sa Panginoon.



## Isagawa

**Panuto:** Iguhit ang masayang mukha ☺ kung ang pahayag ay nagpapakita ng paggalang sa paniniwala ng ibang tao at malungkot ☹ na mukha kung hindi ito nagpapakita ng paggalang sa paniniwala ng ibangtao.

_______1. Hindi ako nag-iingay kung may misa sa simbahan na malapit sa aming bahay.

_______2. Sinabihan ko ang aking nakababatang kapatid na huwag paglaruan ang rosary ng pinsan naming isang Katoliko.

______3. Pinabayaan ko na pinunit ng aking kapatid ang banal na libro.



# Tayahin

**Panuto:** Pag-aralan ang sumusunod na senaryo. Piliin kung ano ang gagawin para sa bawat sitwasyon. Isulat ang titik ng iyong sagot sa papel.

1. Ipinakilala ka ng iyong pinsan sa kanyang matalik na kaibigan. Miyembro siya ng Iglesia ni Cristo at isa ka ring Methodist.

   Ano ang iyong gagawin?

   A. Makikipag-usap ako ng maayos sa kanya pagkatapos siyang ipakilala sa akin.
   B. Makikipagkaibigan ako sa kanya kahit magkaiba man ang aming paniniwala sa Diyos.
   C. Hahayaan ko ang pinsan ko na gawin ang anumang nais niyang gawin.
   D. Iiwasan ko siya.

2. Si Jerick ay isang Kab Scout, inihayag niya na ang isang katoliko ay matapat.

   Ano ang masasabi mo sa kanyang ginawa?

   A.mabuti B. masama C. kayabangan D. karunungan

3. Sa scouting ay may nakita kang batang nagdarasal sa loob ng kaniyang tent.

   Ano ang iyong gagawin?

   A. Sisigaw ako ng malakas.
   B. Gagalawin ko ang kaniyang tent para siya'y madisturbo.
   C. Tatahimik ako bilang paggalang.
   D. Pagtawanan.



# Karagdagang Gawain

Ikahon ☐ ang bilang ng pangungusap kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng paggalang sa paniniwala ng iba.

Bilugan ◯ ang bilang kung ang pangungusap ay hindi nagpapakita ng paggalang.

1. Nakikipag-usap ng maayos si Joshua sa kanilang bagong kapitbahay na isang Muslim.

2. Nagtatanong ng may paggalang si Jhonson kay Eva tungkol sa kanilang ibang paniniwalang panrelihiyon.

3. Hindi pinipilit ni Liza si Rica na magsimba dahil ito ay may ibang paniniwala.



# Sanggunian

*Edukasyon sa Pagpapakatao 3,*
*Kagamitan ng Mag-aaral*
*Sinugbuanong Binisaya*, 2015,p. 198-207
https://outreachmagazine.com/wp-content/uploads/2018/09/18_0911_LEADERSHIP_7-Ways-to-Create-Unity-in-Your-Church_OldSize.jpg

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: Jamaica A. Idjol
Habib Moin Anduhol Memorial Elem. Sch.
Ipil District
Zamboanga Sibugay Division

Editor: Jerick P. Mamac
Tagasuri: Baby Aida S. Awang
Mona Lisa M. Babiera, EPS-EsP
Tagapamahala:
Evelyn F. Importante, OIC-CID Chief EPS
Aurelio A. Santisas, OIC ASDS
Jerry C. Bokingkito , OIC ASDS
Jeanelyn A. Aleman, CESO VI, OIC SDS